**DEPARTMENT OF THE NAVY**
NAVAL BASE SAN DIEGO
3455 SENN ROAD
SAN DIEGO CALIFORNIA 92136-5084

5090
Nxx/xxxx 17
Marso 25

Minamahal na Kapitbahay:
Natanggap mo ang abisong ito dahil isinasaad ng Pag-assess sa Panganib sa Kalusugan (Health Risk Assessment, HRA) ng Naval Base San Diego (NBSD) mula sa taon ng kalendaryo 2021, ayon sa inaprubahan ng San Diego Air Pollution Control District (SDAPCD), na ang mga emisyon ng aming pasilidad ay posibleng nagdudulot ng mataas na mga panganib sa kalusugan sa mga taong nakatira at nagtatrabaho malapit dito. Siniseryoso ng NBSD ang mga resultang ito, dahil ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng aming mga manggagawa at ng aming mga kapitbahay ay ang aming binibigyan ng prayoridad habang isinasagawa ang mga pagpapatakbo para suportahan ang Pambansang Depensa. Mahalagang malaman na ang mga resulta ng HRA na nakasaad sa nakalakip na sulat ay nakukuha gamit ang lubhang maingat na mga pagtantiya ng mga emisyon.  Dagdag pa rito, ang mga konsentrasyon ng mga pollutant ayon sa pinagbasehan na maaaring naranasan ng isang tao ay teoretikal at ipinapakita ang posibleng pagkakalantad.

**Pag-assess sa Panganib sa Kalusugan ng 2021**
Isinagawa ang NBSD 2021 HRA sa kahilingan ng SDAPCD gamit ang available na datos ng 2021, para matugunan ang mga hinihiling ayon sa Batas ng California sa Impormasyon at Pag-assess ng “Mga Hot Spot”. Dahil sa kakulangan ng datos na partikular sa lugar, dumipende ang HRA sa default na mga pagpapalagay para tantiyahin ang epekto. Kasama sa mga mahalagang impormasyon ang:

- **Mga Emisyon ng Nickel:** Ang pangunahing nag-aambag sa inulat na panganib sa kalusugan ay nickel mula sa abrasive blasting sa labas. Gumamit ang SDAPCD ng mga karaniwang salik ng emisyon mula sa maagang bahagi ng 1990 dahil hindi available ang datos na partikular sa site.
- **Mga Kontrol sa Alikabok:** Ang mga contractor ng NBSD ay kinakailangang gumamit ng makabagong mga shrouding at dust control system, na sa tantiya ng NBSD ay babawasan ang mga emisyon ng 90% hanggang 99%. Ito ang sitwasyon noong 2021. Gayunpaman, 50% pagbawas lang ang kasama sa inaprubahang HRA ayon sa mga alituntunin ng SDAPCD para sa mga pahintulot na walang maipapatupad na mga kinakailangan sa pagpapatakbo para sa mga kontrol na ito.

**Mga Aksyon na Ginawa para Bawasan ang Mga Emisyon**
Lubhang nakatuon ang NBSD sa pagprotekta sa kapaligiran. Mayroon kaming mga patuloy na estratehiya para bawasan ang mga emisyon, kasama ang:

- **Shore Power (iyon ay, cold ironing):** Ang lahat ng barko ng US Navy na naka-homeport sa NBSD ay kokonekta sa shore power, na babawasan ang mga emisyon ng hanggang 98%, kasama ang 70 tonelada ng Diesel PM taun-taon.
- **Pagsasamoderno ng Fleet:** Boluntaryong nagpasimula ang NBSD ng pagtigil sa paggamit ng mga mas lumang sasakyah na gumagamit ng diesel at gasolina at pinalitan ang mga ito ng mga opsyon na walang emisyon (zero-emisson, ZE) at hybrid kung magagawa.
- **Mga Charging Station ng Electric Vehicle (EV):** Sa pakikipagtulungan sa California Energy Commission, naglaan ang NBSD ng mahigit sa $20 milyong dolyar sa suporta sa imprastraktura ng EV. Nagkabit na ng mga EV charger na pandalawahan, na may 300+ pang mga charger na ginagawa.
- **Microgrid Project:** Hindi magtatagal, magkakabit ang NBSD ng makabagong microgrid na binubuo ng 300 kW solar photovoltaic at battery storage system na magpapagana sa mga pagpapatakbo sa gusali para sa mga pagpapatakbo ng daungan, na mag-aalis ng pag-asa nito sa SDG&E.
- **Programa ng Pagbibigay ng Insentibo sa Transportasyon at Pamamahala ng Trapiko:** Itinatag ng NBSD ang pinakamalaking programa ng militar sa alternatibong transportasyon sa West Coast, na nanghihikayat ng pag-carpool o paggamit ng pampublikong transportasyon para maibsan ang paninikip ng trapiko at pagandahin ang kalidad ng hangin sa lugar. Gumawa kami ng circle ng trapiko at in-adjust ang mga pagpapatakbo ng gate para bawasan ang mga emisyon

ng mga nakapirming pinagmumulan.

**Magmula Ngayon**

Magpapatuloy ang NBSD na suriin at ipatupad ang mga hakbang para bawasan ang emisyon at ibigay ang lahat ng abiso na hinihiling ng SDAPCD. Bilang bahagi ng pangako ng NBSD sa pangangalaga ng kapaligiran at alinsunod sa mga hinihiling ng SDAPCD, magpapatupad ng Plano sa Pag-audit para Bawasan ang Panganib (Risk Reduction Audit Plan, RRAP). Kasama rito ang pagtukoy at pag-uuri ng mga emisyon, at gagamitin para kalkulahin ang aktwal na panganib mula sa mga pagpapatakbo na magreresulta sa pagbawas sa mga epekto sa kalusugan nang mababa sa mga limitasyon ng regulasyon. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa HRA o sa aming mga programa sa pagbawas ng emisyon, mangyaring kontakin ang NBSD Public Affairs Officer (PAO) sa NBSD.PAO@us.navy.mil o (619) 556-7359.